Marso 22, 2017

**MEMORANDUM PANSANGAY**

**Blg. 43, s. 2017**

DepEd - MUNTINLUPA
RELEASED ____
DATE 3/20/17

Sa: Nanunungkulang Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Tagapamuno, CID, SGOD
Pandibisyon/Pandistritong Tagamasid/Koordineytor
Pampubliko at Pampribadong Punongguro/Nanunungkulang Punongguro
Kinauukulang Guro

**PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA WIKA AT PANITIKANG BIKOL**

1. Kalakip nito ang DepEd Memorandum Blg. 50, s. 2017 na may petsang Marso 14, 2017 na may paksang: **Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Bikol**, para sa impormasyon at patnubay ng mga kinauukulan.

2. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**MAURO C. DE GULAN, Ed.D**
Pansangay naTagapamanihala

Republic of the Philippines
# Department of Education

'14 MAR 2017

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 50, s. 2017

**PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA WIKA AT PANITIKANG BIKOL**

DIVISION OF CITY SCHOOLS
RECEIVED a
DATE 3/16/17
TIME 3:29 p
CITY OF MUNTINLUPA

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punungguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at ang *Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA)* ay magdaraos ng **Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Bikol** na gaganapin sa ika-5 hanggang ika-7 ng Abril 2017 sa Bulwagang Awditoryum ng CBSUA, San Jose, Pili, Camarines Sur.

2. Ang layunin ng Kumperensiya ay ang mga sumusunod:

a. maitampok ang wika at panitikang Bikol;
b. makatulong sa kasalukuyang paggawa ng *learning materials*; at
c. matalakay ang kinakaharap nitong mga isyu at pagbabago bilang mahalagang sandigan sa pagpapaunlad ng wika at panitikang Filipino.

3. Ang gawain na ito ay tatalakay sa iba't-ibang isyu tungkol sa wika at panitikang Bikol na hinati sa apat na sesyon:

a. Kasaysayan ng Panitikang Bikol;
b. Panitikang Bikol at Pagbuo ng Panitikang Pambansa;
c. Ang Kontemporaryong Panitikang Bikol; at
d. Ang Panitikang Bikol sa Panahon ng *K to 12* at *Mother Tongue-Based Multilingual Education* (MTB-MLE).

4. Ang *registration fee* ng bawat kalahok na nagkakahalaga ng **Tatlong Libong Piso (P 3,000.00)** ay para sa *seminar kit* at pagkain lamang. Hindi kasama ang panuluyan sa halagang nabanggit.

5. Ang paglahok sa Kumperensiya ay boluntaryo at sa **opisyal na oras** lamang.

6. Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay **Dr. Lourdes Bascuña** sa mobile phone: 0918-366-7966 o mag-email sa ludzbacuna_23@yahoo.com.

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim

Sanggunian:
W a l a

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
Sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCE
LEARNING AREA: FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS
TRAINING PROGRAMS

mvec/ DM-Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Bikol
0138-February 14/21/28, 2017